# Mga Karapatan ng Mga Magulang at Mga Estudyante sa Ilalim ng Seksyon 504, Bahagi D at ng Mga Batas at Regulasyon ng Hawaiʻi

**Hawaiʻi State Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng Hawaii)**

*Ikaw ay may karapatan na ipaalam sa iyo ng paaralan ang iyong mga karapatan sa ilalim ng Seksyon 504. Ito ay pabatid tungkol sa iyong mga karapatan at sa mga karapatan ng iyong anak sa ilalim ng Seksyon 504 at sa iyong mga karapatan kung hindi ka sumasang-ayon sa mga desisyon ng paaralan.*

### ANO ANG SEKSYON 504?

Ang Seksyon 504 ng Akta Rehabilitasyon ng 1973, lalong kilala sa tawag na "Seksyon 504," ay isang batas pederal na nagpoprotekta sa mga estudyante mula sa diskriminasyon dahil sa kapansanan. Sinisiguro ng Seksyon 504 na ang mga estudyante na may kapansanan ay magkakaroon ng mga edukasyonal na oportunidad at benepisyo na katulad ng ibinibigay sa mga estudyante na walang kapansanan. Upang maging kuwalipikado, ang estudyante ay dapat may pisikal o mental na kapansanan na maglilimita ng kanyang galaw upang gawin ang isa o mas higit pa na napakahalagang aktibidad sa kanyang buhay.

### ANG EDUKASYON NG IYONG ANAK

Ang iyong anak ay may karapatan na:

- Tumanggap ng libre at nararapat na edukasyong pampubliko.
- Lumahok at makinabang sa mga edukasyonal na programa ng paaralan na walang diskriminasyon.
- Mapagkakalooban ng patas na oportunidad na lumahok sa mga di-akademiko at mga ekstrakurikular na aktibidad ng paaralan.
- Maturuan kasama ang mga estudyante na walang kapansanan hanggang sa naaangkop na kakayahan.
- Maturuan sa paaralan at tumanggap ng mga serbisyo na katulad sa mga ibinibigay sa mga estudyanteng walang kapansanan.
- Tumanggap ng mga akomodasyon at/o kaugnay na mga serbisyo upang mabigyan ang iyong anak ng patas na oportunidad na lumahok sa mga aktibidad ng paaralan.
- Tumanggap ng mga edukasyonal at kaugnay na serbisyo na walang bayad, maliban sa mga bayarin na ipinataw sa(sa mga) magulang/sa(sa mga) legal na tagapag-alaga ng mga batang walang kapansanan.

### ANG MGA EDUKASYONAL NA REKORD NG IYONG ANAK

Ikaw ay may karapatan na:

- Repasuhin ang mga edukasyonal na rekord ng iyong anak at tumanggap ng mga kopya sa resonableng bayad. Kung dahil sa kahirapan ng buhay, ang Hawaii State Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii) [Departmento] ay maaaring di maningil para sa pagpapapagawa ng kopya.
- Hilingin na baguhin ng paaralan ang edukasyonal na rekord ng iyong anak kung sa palagay mo ay may mali, nakalilito, o labag sa karapatan sa pribasya ng iyong anak. Kung tatanggihan ng paaralan ang iyong kahilingan, ikaw ay may karapatan na kwestiyunin ang pagtangging iyan sa pamamagitan ng paghiling na pag-uusap na legal.
- Makatanggap ng tugon sa iyong mga resonableng kahilingan para sa mga pagpapaliwanag at interpretasyon ng mga edukasyonal na rekord ng iyong anak.

RS 22-0953, (Abril 2022)

### ANG PROSESO NG SEKSYON 504

Ang iyong anak ay may karapatan para sa ebalwasyon bago sabihin ng paaralan kung siya ay kuwalipikado sa ilalim ng Seksyon 504. Ikaw ay may karapatan na:

- Makatanggap ng pabatid bago aksyunan ng paaralan ang tungkol sa identipikasyon, ebalwasyon, at kung saan ilalagay ang iyong anak.
- Magkaroon ng mga desisyon sa ebalwasyon at kung saan ilalagay ang iyong anak na gawa ng isang grupo ng mga tao, na lalong kilala sa tawag na "pangkat 504" o "team 504," kasama ang mga taong nakakakilala sa iyong anak, ng kahulugan ng impormasyon sa ebalwasyon, at mga mapagpipilian kung saan ilalagay ang iyong anak.
- Magkakaroon ng mga desisyon sa ebalwasyon batay sa iba't-ibang pinagmumulan. Halimbawa ng mga pinagmumulan, ngunit hindi malilimitahan sa mga sumusunod: mga grado o tala sa progreso, masasabi ng(ng mga) magulang/ng(ng mga) legal na tagapag-alaga, masasabi ng guro, mga obserbasyon, mga sangguniang pandisiplina, at pormal na pagsusuri.
- Tumanggi na magbigay ng pahintulot para sa ebalwasyon at pagkakaloob ng mga serbisyo sa ilalim ng Seksyon 504.
- Bumuo ng planong Seksyon 504 kung ang mga akomodasyon at mga kaugnay na serbisyo ay kailangan upang tumanggap ng libre at nararapat na edukasyong pampubliko upang mabigyan ng patas na oportunidad sa edukasyon.

Kung ang iyong anak ay kuwalipikado sa ilalim ng Seksyon 504, ang iyong anak ay may karapatan para sa pana-panahong muling ebalwasyon, kasama na ang mga muling ebalwasyon bago ang anumang mahalagang pagbabago sa programa ng iyong anak at/o kung saan siya ilalagay. Kung mayroon kang anumang tanong, sumangguni sa administrador ng iyong paaralan o sa superintendente ng complex area para sa tulong.

## KUNG IKAW AY DI SUMASANG-AYON SA DESISYON NG PAARALAN

Kung ikaw ay di sumasang-ayon sa desisyon ng paaralan tungkol sa identipikasyon, ebalwasyon, o programang edukasyonal, o kung saan nakalagay ang iyong anak sa ilalim ng Seksyon 504, maaari kang humiling ng mediasyon o pag-uusap na legal. Ikaw at ang iyong anak ay may karapatan na makibahagi sa bista at magkaroon ng abogado na kakatawan sa iyo. Ang mga kahilingan para sa pag-uusap na legal ay kailangang nakasulat at maibigay sa superintendente ng complex area na sumasakup sa paaralan ng iyong anak.

Ikaw ay may karapatan na magsampa ng reklamo tungkol sa diskriminasyon sa Civil Rights Compliance Branch (Sangay Para sa Pagpapatupad ng mga Karapatan Bilang Tao) ng Departamento.

Hawaiʻi State Department of Education
Civil Rights Compliance Branch
Email: CRCB@k12.hi.us
Telepono: (808) 784-6325

Ikaw ay mayroon ding karapatan na magsampa sa U.S. Department of Education's Office for Civil Rights (Tanggapan Para sa Pagpapatupad ng mga Karapatan Bilang Tao [OCR] ng Departamento ng Edukasyon ng Estados Unidos).

U.S. Department of Education
Office for Civil Rights (OCR)
915 Second Ave, Room 3310 Seattle, WA 98174-1099